Paano ninyo malalaman kung narinig ko kayo?

Queensland Government
Queensland Health

Ang walang bayad na pagsusuri ng pandinig ng inyong sanggol

Layunin ng **programa sa Malinaw na Pandinig** na kilalanin ang mga sanggol na ipinanganak nang may lubusang pagkawala ng pandinig. Wala itong bayad at sa pagtatapos ng 2006 ay maipagkakaloob sa lahat ng mga sanggol na ipapanganak sa Queensland.

Queensland Government
Queensland Health

Ang Tala-listahan (Checklist) ng Pandinig at Pagsasalita para kay....

Mula sa pagkasilang hanggang 3 buwan

- ☐ Pumapanatag sa kinasanayang mga tunog o boses
- ☐ Nagugulat o napapatalon sa biglang ingay

3 hanggang 6 na buwan

- ☐ Isinusunod ang ulo o mga mata sa mga kawili-wiling tunog
- ☐ Parang nakikinig
- ☐ Madaling magising sa tunog
- ☐ Nagsisimulang mag-ingay na parang nagsasalita

6 hanggang 12 buwan

- ☐ Nakakaintindi ng mga simpleng salita tulad ng 'hindi' at 'babay'
- ☐ Nagsisimulang manggaya ng mga tunog ng salita
- ☐ Isinusunod ang ulo sa naririnig na marahang tunog

12 hanggang 18 buwan

- ☐ Parang nakakaintindi ng mga bagong salita linggo-linggo
- ☐ Kapag tinatanong, itinuturo ang tao, mga bahagi ng katawan o mga laruan
- ☐ Sumusunod sa mga simpleng utos, tulad ng 'upo'

Kung may alalahanin kayo tungkol sa pandinig ng inyong sanggol, kontakin ang doktor ng sanggol o ang tauhan sa malapit na klinika.

Ang pagsusuri ng pandinig ng inyong sanggol

Ang malinaw na pandinig ay napakahalaga sa pagsulong ng kakayahan ng inyong anak sa pagsasalita at pagkatuto ng wika mula sa mga unang buwan ng pagkapanganak. May isa o dalawang sanggol sa bawat 1000 ang daranas ng lubusang pagkawala ng pandinig.

Kung ang pagkawala ng pandinig ay hindi matutuklasan habang maaga, ito ay makakaapekto sa inyong anak sa pagsulong ng kanyang kakayahan sa pagsasalita at pagkatuto ng wika, at sa pag-aaral sa hinaharap.

Takdang-araw ng pagsusuri ng pandinig para kay

.....

Petsa .....

Oras .....

Lugar .....

Kasama sa mga pangkalusugang pagsusuri ng sanggol

Ang programa sa Malinaw na Pandinig ay naglalayong kilalanin ang mga sanggol na ipinanganak nang may lubusang pagkawala ng pandinig. Wala itong bayad at ipagkakaloob sa lahat ng sanggol na ipapanganak sa Queensland sa pagtatapos ng 2006.

Ang inyong sanggol ay bibigyan ng mga pangkalusugang pagsusuri matapos silang ipanganak. Isa dito ay ang pagsusuri ng pagkawala ng pandinig. Ang pagsusuring ito ay dapat gawin sa pinakamadaling panahon matapos silang ipanganak. Kung ang pagsusuri ay hindi gagawin bago kayo lumabas ng ospital, maaari pa ring suriin ang inyong sanggol bilang 'outpatient' pagka-uwi ninyo.

Paano ginagawa ang pagsusuri?

Ang pagsusuri ng pandinig ay hindi nakakasakit sa inyong sanggol. Gagawin ito ng nurse o isang taong bihasa sa pagsusuri ng pandinig habang tahimik o natutulog ang inyong sanggol. Marahang ilalagay sa ulo ng sanggol ang maraming maliliit na 'pad' at isang malambot na 'earphone' ang ilalagay sa bawat tainga. Kasunod nito ang pagpapatugtog ng mahinang malagitik na tunog sa mga tainga ng sanggol. Itatala ng mga 'pad' ang reaksiyon ng inyong sanggol sa tunog.

Kailan ko malalaman ang resulta?

Malalaman agad ang resulta ng pagsusuri, at itatala sa Personal na Talaang Pangkalusugan ng inyong sanggol. Ipapaliwanag sa inyo ng taong gumawa ng pagsusuri ang resulta. Magtanong lamang kung hindi kayo sigurado sa anumang bagay.

Anong impormasyon ang ibibigay sa atin ng pagsusuri?

Ang bawat tainga ay bibigyan ng resultang 'pasado' o 'refer'. Hindi magbibigay ang pagsusuri ng detalyadong impormasyon tungkol sa pandinig ng inyong sanggol.

Ano ang ibig sabihin ng resultang 'pasado'?

Ang resultang 'pasado' para sa dalawang tainga ay nagpapahiwatig na hindi mangyayaring may pagkawala ng pandinig ang inyong sanggol na makakaapekto sa pagsulong ng kanyang kakayahan sa pagsasalita at pagkatuto ng wika.

May ilang mga sanggol na nakakapasa sa pagsusuri ngunit may taglay na mga kilalang salik ng peligro (risk factors) ng mga tipo ng pagkawala ng pandinig na matagal bago lumitaw. Kung mangyayari ito, ang inyong sanggol ay aalukin ng pagpapa-eksamen sa espesyalista sa pandinig (audiologist) bago sumapit ang kanyang unang kaarawan. Ang pagtatakda ng eksamen ay ibabatay sa partikular na pangangailangan ng inyong anak. Samantalang kaunti lamang sa mga sanggol na nagtataglay ng ganitong mga salik ng peligro ang daranas ng pagkawala ng pandinig, mahalagang siguruhin na ang inyong anak ay maipa-eksamen.

Alalahanin na ang pandinig ng mga sanggol at mga bata ay nagbabago sa paglipas ng panahon. Kung mayroon kayong ipinag-aalala tungkol sa pandinig ng inyong anak kahit anong oras, kontakin ang inyong doktor o ang tauhan sa malapit na klinika. Ang pag-eksamen ng pandinig ay magagawa sa mga sanggol at bata kahit anong edad nila.

Ano ang ibig-sabihin ng resultang 'refer'?

Ang resultang 'refer' sa pagsusuri ng pandinig ay maaring sanhi ng maraming bagay:

- ang inyong sanggol ay balisa sa oras ng pagsusuri
- maaaring maingay sa paligid sa oras ng pagsusuri
- maaaring may tubig o pansamantalang bara sa tainga ng inyong sanggol pagkapanganak
- may ilang bilang ng mga sanggol ang maaaring may pansamantala o pirmihang pagkawala ng pandinig. Ang antas ng diprensiya ay nag-iiba-iba, mula sa katamtaman hanggang sa malubha.

Kung ang unang pagsusuri ng pandinig ng inyong sanggol ay may resultang 'refer' sa isa or parehong tainga, gagawa ng ikalawang pagsusuri sa dalawang tainga.

Kung ang ikalawang pagsusuri ng pandinig ng inyong sanggol ay may resultang 'refer' sa isa o parehong tainga, aalukin kayo ng pagpapa-eksamen sa isang 'audiologist' at bibigyan kayo ng karagdagang polyeto na magpapaliwanag sa mga detalye nito.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Kung gusto ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri ng pandinig ng inyong sanggol, kontakin ang malapit na ospital, ang doktor ng inyong sanggol, o ang tauhan sa malapit na klinika.

LAST UPDATED: February 2006

Language: Tagalog